# ANG ILAW SA PANGARAP

*by:*
**JOEY R. CABRERA**
*Master Teacher I, Pagalanggang National High School*

Magsumikap at mag-aral ng mabuti dahil ito ang magpapalinaw ng iyong daang tatahakin patungo sa pangarap na iyong inaasam-asam. Ang edukasyon ay napakahalaga sa bawat kabataang Pilipino sapagkat ito ang magiging daan tungo sa magandang kinabukasan. Paaralan ang pangalawang tahanan ng mga mag-aaral na humahasa at nagpapanday ng kakayahan ng mag-aaral sa tulong ng mga gurong matiyagang nagtuturo at gumagabay sa mga kabataan sa pag-abot ng kanilang mga nais sa buhay.

Napakahalaga ng pag-aaral sa atin ito lang ang tanging pamana na hindi mananakaw ninoman. Pero maraming kabataan ang ayaw pumasok sa paaralan, nagbubulakbol mas gustong tumambay kung saan-saan at ayaw idibelop ang kakayahang mayroon sila. Bakit ganun sila at ayaw pahalagahan ang edukasyon. Ang gusto nila puro kasiyahan, hindi nila iniisip ang kanilang magiging kinabukasan. Bakit ganito ang mga kabataang sinasabing pag-asa ng ating bayan. Gayunpaman, mukhang nagkamali din ang ating mga magulang sa pag-uugali ng ilang kabataan. Kaya nila nagagawa ito dahil naghahanap sila ng kalinga na dapat ipinagkakaloob ng mga magulang. Dahil sa sobrang kahabalahan sa paghahanapbuhay nakakalimutan na nila ang kanilang mga obligasyon sa mga anak. Ang mga anak ay dapat na maunawaan din ang kanilang mga magulang, walang alinlangan. Bukod pa rito, ang kagalingan ng kanilang mga anak ang kanilang pokus. Dahil dito, bilang mga kabataan, dapat mong bigyang-diin ang edukasyon dahil ito ay mahalaga sa pagiging produktibong indibidwal sa hinaharap. Kung may pagkukulang man ang inyong mga magulang maging maunawain kayo sa kanila. Kailangang makapagtapos kayo ng inyong pag-aaral.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang edukasyon ay magsisilbing liwanag at magbibigay-ilaw sa iyong landas sa pag-aaral. Gayunpaman, maging maingat pa rin kayo sa mga desisyon sa buhay o sa tatahaking landas . Huwag malungkot kung nabigo kang makamit ang iyong mga layunin; kailangan mo ng gabay at patnubay mula sa Diyos, kaya lagi mong isasaalang-alang ang Diyos sa iyong dasal at tumutulong sa iyo na makamit ang iyong mga layunin. Hindi ka maliligaw at magkakamali sa mga desisyon na iyong pipiliin. Mayroon ka ng ilaw kung kaya't maging panatag ka sa pag-abot ng iyong mga pangarap sa buhay.

*References:*

https://www.deped.gov.ph/2022/03/24/ilaw-na-gabay-sa-kinabukasan/

https://www.facebook.com/LiwanagProject/photos/a.108683261585021/108685574918123/?type=3

https://pinoycollection.com/maikling-kwento-tungkol-sa-pangarap/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan